


Filipino sa Piling Larang (Isports)

Unang Semestre – Modyul 3: Rebyu ng Episodyo ng *Sports Channel* (Pagsulat ng *Sports Editorial*)



Filipino sa Piling Larang (Isports) – Baitang 12

Alternative Delivery Mode

Unang Semestre – Modyul 3: Rebyu ng isang Episodyo ng *Sports Channel* (Pagsulat ng *Sports Editorial*)

Unang Edisyon, 2020

Republic Act 8293, section 176 states that: No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit. Such agency or office may, among other things, impose as a condition the payment of royalties.

Borrowed materials (i.e., songs, stories, poems, pictures, photos, brand names, trademarks, etc.) included in this book are owned by their respective copyright holders. Every effort has been exerted to locate and seek permission to use these materials from their respective copyright owners. The publisher and authors do not represent nor claim ownership over them.

Published by the Department of Education

Secretary:

Undersecretary:

Assistant Secretary:

Development Team of the Module

Authors:	Pinky OL. Gomez
Editor:	John Albert B. Colle
Reviewers:	Mariel Eugene L. Luna
Illustrator:	Mary Jane G. Pensocas
Layout Artist:	May L. Borjal
Management Team:	Malcolm S. Garma, Director IV Dr. Jennifer F. Vivas, CLMD Chief Dennis M. Mendoza, Regional EPS In-Charge of LRMS Micah S. Pacheco, Regional ADM Coordinator Madeline Ann L. Diaz, CID Chief Dr. Gina U. Urquia, EPS In-Charge of LRMS Mariel Eugene L. Luna, EPS and Division ADM Coordinator

Printed in the Philippines by _____

Department of Education – NCR

Office Address: Misasmis St., Bago Bantay, Quezon City

Telefax: 02-929-0153

E-mail Address: depedncr@deped.gov.ph

**Filipino sa Piling Larang
(Isports)**

Unang Semestre – Modyul 3:

**Rebyu ng Episodyo ng *Sports Channel*
(Pagsulat ng *Sports Editorial*)**

Panimulang Mensahe

Para sa mga Tagapagdaloy:

Ang unang module na ito ay magsisilbing alternatibong kagamitan sa panimula ng kurso na idinisenyo upang makatulong na matugunan ang minimithi ng Kagawaran ng Edukasyon na mabigyan ng mataas na kalidad ng edukasyon ang lahat ng mga mag-aaral na Pilipino. Upang maisakatuparan ang layuning ito, nilikha ang module na ito at magsisilbing kagamitan na makatutulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa loob o labas ng silid-aralan.

Ang gurong tagapagdaloy ng module na ito ay kinakailangang maging handa sa pagpapaliwanag sa kanyang mga mag-aaral ng mga tiyak na layunin, gawain, at inaasahang output upang matiyak ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Makatutulong din ang pagbibigay ng oryentasyon sa mga mag-aaral, magulang, o mga tagagabay tungkol sa kahalagahan ng pagsasakatuparan ng mga gawain sa loob ng module na ito. Ang kagamitang ito ay pag-aari ng Kagawaran ng Edukasyon kaya't pinapayuhan ang mga tagapagdaloy na magtagubilin sa gagamit nito na ingatan ang module. Iwasang tupiin o pilasin ang mga pahina, dumihan, basain, o alinmang kauri nito na makapipinsala sa kagamitan. Huwag din itong pasulatan ng mga sagot sa mga mag-aaral, at sahalip, ipasulat ang mga sagot o Gawain sa bukod na papel. Tiyaking masasagutan ng mga mag-aaral ang bawat palatuntunan ng module kagaya ng mga pagsusulit, gawain, at mga pagsulat.

Para sa mga Mag-aaral:

Ang huling module na ito ang pinal na gawain para sa kursong ito. Ang lahat ng iyong kasanayan sa pagbasa ng mga tekstong akademiko ay inaasahang natamo mo na sa yugtong ito ng iyong pag-aaral. Inaasahan sa iyo na ikaw ay makabubuo na ng iyong sariling panimulang pananaliksik batay sa mga paksa o suliraning iyong namamasid. Ang pananaliksik na iyong isusulat ay maikli lamang at ang layunin nito ay maipamalas mo ang iyong kasanayan sa pagsulat gamit ang asosasyon ng iyong mga karanasan at kasanayan sa pagbasa. Pinapayuhan kang maging masigasig at matiyaga sa pagsulat ng huling output na ito gaya ng iyong natutuhan mula sa mga naunang module. Iyong tandaan ang mga hinihinging katangian ng isang mananaliksik upang ikaw ay magabayan sa pagtatapos ng output na ito. Ipinaaalala rin sa iyo na gumamit ka ng panibagong papel sa pagsusulat at panatilihin malinis ang huling module na ito gaya ng mga naunang module.



Alamin


Ang araling ito ay magpapakita ng mga nilalaman, elemento at estruktura ng isang artikulong opinyon na nagpapalawig sa pagtalakay sa isang pangyayari sa isports

Tatalakayin sa unang yunit ng modyul ang sumusunod:

1. Ukol sa episodeyo pagsulat ng editoyal
2. Kahulugan ng Opinyon

Sa araling ito, matutuhan mo ang ilang mahahalagang bagay na makatutulong sa iyong pag-aaral. Inaasahang malilinang mo ang mga kasanayang ito:

- A. Nabibigyang kahulugan ang sulating pang-isports na sports editoryal (CS_FI11/12PB-0a-c107)
- B. Nakapagsasagawa ng panimulang pananaliksik kaugnay ng kahulugan, kalikasan, at katangian ng iba't ibang anyo ng sulating pang-isports (CS_FI11/12EP-0d- f-43)



Subukin

Panuto: Piliin ang wastong sagot sa bawat pahayag at isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang.

- _____ 1. Ito ay nagpapahayag ng saloobin ng isang tao ukol sa isang isyu.
- | | |
|----------------|------------|
| A. Opinyon | C. Balita |
| B. Katotohanan | D. Kuwento |
- _____ 2. Isa itong uri ng pakikipag-usapan sa isang kilalang tao na may awtoridad o bihasa sa isang isyung binibigyang-linaw ng sumusulat.
- | | |
|-------------------------------|-----------------------------|
| A. Opinyon ng isang sarbey | C. Opinyon ng isang panayam |
| B. Opinyon ng isang pahayagan | D. Opinyon ng isang balita |

- _____ 3. Kilala ito sa tawag na editorial ng isang pahayagan, isang lathalain sa pahayagan o magasin na nagsasaad ng puna ng editor. Ito ay isang artikulong nagbibigay pakahulugan sa mga balita.
- A. Opinyon ng isang sarbey C. Opinyon ng isang panayam
B. Opinyon ng isang pahayagan D. Opinyon ng isang balita
- _____ 4. Ito ay ginagamit sa pamamaraan o instrumento para makalikom ng impormasyon sa grupo ng mga tao ayon sa kanilang tipo, kasarian, edad at katayuan sa buhay. Bibigyan sila ng pare-parehong tanong na may kaugnayan sa paksang susulatin ng manunulat.
- A. Opinyon ng isang sarbey C. Opinyon ng isang panayam
B. Opinyon ng isang pahayagan D. Opinyon ng isang balita
- _____ 5. Nagpapahayag ng paninindigan ng buong patnugutan mula sa isyung pinag-uusapan sa isang balita.
- A. Editorial pang-isports C. Pangulong-tudling
B. Ulo ng balita D. Balitang Isports

Aralin 3

Rebyu ng Episodyo ng *Sports Channel* (Pagsulat ng *Sports Editorial*)



Balikan

Panuto: Bilugan ang mga terminolohiyang hindi ginagamit sa larangan ng basketball at tukuyin kung saang isports ito angkop na ginagamit.

quintet	unang kalahati	back stop	shutout
technical foul	rebound	out-of-bounds	buslo
straight set	caddy	fourth flier	ley-ap

Itala sa talahanayan ang mga terminong hindi dadapat mapabilang sa pangkat. Isulat ang wastong gamit ng mga termino at sanggunian nito.

Terminong Hindi Dapat Mapabilang	Gamit ng Terminolohiya	Sanggunian
1.		
2.		
3.		
4.		
5.		



Tuklasin

Ang Pagsulat ng Opinyon

Ang pagpapahayag ng opinyon ukol sa isang isyu ay kadalasang ginagawa ng mga Pilipino. Natural na sa atin ang magkaroon ng kanya-kanyang opinyon tungkol sa mga napapanahong isyu o pangyayari. Di kaila sa atin ang pagkakaroon ng modernong pamamaraan ng pagpapahayag ng mga opinyon sa pamamagitan ng facebook, twitter o blog. Malaya ang bawat isa na magbahagi ng kanyang idea, opinyon o reaksiyon man sa isang isyung pinag-uusapan.

Ang araling ito ay tumatalakay sa ilang rebyu ng isang laban at pagsulat ng editorial na pang-isports. Tatalakayin din sa araling ito ang pamamaraan sa paggamit ng opinyon. Alamin mo kung gaano kaepektibo ang paggamit ng opinyon sa mga usaping pang-isports.

Ang pagbabahagi ng sariling opinyon tungkol sa isang usapin ay nakasanayan nang mga Pilipino. Ang lahat ay malayang makapagpahayag ng kanyang nais sabihin kaya't nahahasa ang pamamaraan natin ng pagsasalita at pagsulat.

Paggamit ng Opinyon

Ito ang tawag sa mga pahayag na nagmumula sa paliwanag tungkol sa isang totoong dokumento. Maaaring hindi ito batay sa isang pananaliksik o pag-aaral, subalit maaari itong makahikayat at makaakit ng mambabasa dahil sa kinokondisyon nito ang utak ng tao.

Tatlong Uri ng Opinyon:

1. **Opinyon na nakukuha sa isang panayam.** Isa itong uri ng pakikipag-usapan sa isang kilalang tao na may awtoridad o bihasa sa isang isyung binibigyang-linaw ng sumusulat.
2. **Opinyon na nakukuha sa isang sarbey.** Ito ay ginagamit sa pamamaraan o instrumento para makalikom ng impormasyon sa grupo ng mga tao ayon sa kanilang tipo, kasarian, edad at katayuan sa buhay. Bibigyan sila ng pare-parehong tanong na may kaugnayan sa paksang susulatin ng manunulat.
3. **Opinyon ayon sa editor ng isang pahayagan.** Kilala ito sa tawag na editorial ng isang pahayagan, isang lathalain sa pahayagan o magasin na nagsasaad ng puna ng editor. Ito ay isang artikulong nagbibigay pakahulugan sa mga balita.

Ang Sports Editorial

Ayon kina Orellana at Anot (2017) ang **editorial** ay isang piyesang nagpapakita ng *stand* o paninindigan ng pahayagan sa isang isyu sa sports. Isa itong komentaryo sa isang partikular na isyung pinag-uusapan sa isang tiyak na panahon. Ang ikinaiba nito ay mas matapang at mas

mapanghamon ang editorial sapagkat mas tiyak ang argumentong inilalahad dito.

Ang editoryal ang itinuturing na kaluluwa ng seksyong isport dahil nais nitong pasukin ang kamalayan ng mga mambabasa at ipaunawa sa kanila ang argumento sa isang isyu sa isports. Layunin nitong impluwensyahan ang mga tao upang bumuo na sa tingin nila ay dapat maging opinion ng publiko sa isang usapin.

May tatlong bahagi ang editoryal:

1. **Panimula** -dito ipinaliliwanag ng manunulat ang isyu na nais niyang talakayin. Maikli lamang ito isa hanggang dalawang talata ay sapat na upang maipaliwanag ang panimula.
2. **Katawan**- sa bahaging ito ipinaliliwanag ang argumento, pilosopiya, krtisismo, opuna sa isyu. Binabanggit din dito ang mga dahilan upang sagutin ang ga tanong na “bakit” at “paano” mga estadistika o numero, interbyu o ano pa mang makapagbibigay-diin sa isyu. Dito rin makikita ang mga pangungubinsi, pagpapahindi, pagpapatotoo o anumang motibo ng manunulat.
3. **Katapusan**- dito nilalagom ang lahat, mahalaga ang bahaging ito dahil ito ang nag-iiwan ng imahen sa mga mamababasa tungkol sa isyung tinalakay. Tinitiyak na may dating ang bahaging ito dahil ito ang babaunin ng mga mambabasa matapos basahin ang editoryal.



Suriin

Panuto: Panoorin ang isang episodyo ng basketball sa UAAP season 82 sa link na <https://fb.watch/7IOHClhC-q/> **No Chil Mark Nonoy | UAAP 82's Best.** Mula sa napanood na *video clip*, kumpletuhin ang sumusunod na pahayag:

1. Ang mga bumubuo sa naturang laro ay _____


Ang kanilang tungkulin ay _____

2. Habang isinasagawa ang naturang, laro napansin ko na _____

3. Malaki ang naitutulong ng mga field announcer sa pagbabalita ng mga kaganapan sa laro dahil _____

4. Mas napapaganda ang takbo ng laro dahil _____

5. Sa kabuuan ang laro ay _____



Pagyamanin

Panuto: Ilahad mo ang iyong opinyon o reaksiyon sa sumusunod na sitwasyon o usapin.


ISYU	TOTOONG PANGYAYARI	OPINYON
1. Pagkatalo ni Manny Pacquiao laban kay Yurdenis Ugas		
2. Pagkapanalo ng gold medal ni Hiedilyn Diaz sa 2021 Tokyo Olympics		

3. Mainit na pagtanggap ng larong Mobile Legend sa Pilipinas		
4. Pagkamit ng medalyang ginto, silver at bronze ng mga atletang Pilipino sa Toyo Olympics 2021		
5. Pagpasok ng Gilas Pilipinas sa 2014 FIBA World Cup of Basketball sa Spain		



Isaisip

Sa pamamagitan ng Concept Map, isulat ang mga natutuhan sa araling ito sa maiikling pangungusap. Isulat ito sa loob ng mga kahon.



Isagawa

Panuto: Basahin at unawain ang halimbawang editorial at pagkatapos ay punan ang kahon sa ibaba.

Marami Nang Napatunayan

(Pilipino Star Ngayon) - August 25, 2021 - 12:00am

Usap-usapan ang pagreretiro ni People's Champ Manny Pacquiao makaraan ang pagkatalo kay Yordenis Ugas ng Cuba noong Linggo via unanimous decision na ginanap sa T-Mobile Arena, Las Vegas Nevada. Maaaring iyon na ang huling laban ni Pacquiao.

Lalo pang uminit ang mga haka-haka sa pagreretiro ni Pacquiao nang sabihin mismo ng People's Champ sa isang interbyu makaraan ang laban na maaaring hindi na raw siya makitang lumalaban sa hinaharap. Hindi raw niya alam sa ngayon. Hindi pa raw siya makapagdesisyon. Gusto raw muna niyang magpahinga.

Kung magkakatatotoo ang mga balita, walang masama at baka nga makabuti pa kay Pacquiao kung magreretiro na. Sa edad na 42, dapat na talagang iwan na niya ang pagboboksing. Kapansin-pansin na mabagal na ang pagbibitaw niya ng suntok. Sa nakaraang laban kay Ugas, bagama't tumatama pa rin naman siya, hindi na katulad sa mga nakaraan niyang laban na nayayanig ang kalaban. Kakaiba na ngayon sapagkat nagkakaedad na. Noon, kapag nakorner na niya ang kalaban, nagpapaulan siya ng suntok. Ngayon, madalang na ang ulan ng suntok at nasisingitan na siya nang matatalas na upper cut ng kalaban. Mabagal na rin siyang umiwas sa mga jab.

Marami na naman siyang napatunayan. Ano pa ba ang hinahangad niya? Siya ang tanging boksingero sa kasaysayan na nanalo ng world titles sa walong magkakaibang weight classes. Walang ibang nakagawa ng ganyan. Marami na siyang naibigay na karangalan sa bansa. Isa na siyang alamat sa larangan ng boksing.

Nararapat din namang tuunan niya ng pansin ang kanyang kalusugan. Sa ngayon ay wala pa siyang nararamdaman pero paano sa hinaharap. Walang makapagsasabi kung hanggang kailan malakas. Kaya mas mainam na kung magpapasyang iwan ang pagboboksing at magpahinga.

Ngayong may balak siyang tumakbo sa mataas na posisyon, mas kailangan ang malusog at malakas na pangangatawan. Paano makapaglilingkod sa mamamayan kung bugbog na ang katawan.

Mas malakas ang katawan mas matalas ang isipan. Ito ang kailangan ngayon lalo pa't ang adbokasiya niya ay labanan ang mga tiwali. Matatandaan na bago siya umalis noong Hunyo para mag-ensayo, sinabi niyang marami siyang ibubulgar na katiwalian sa pamahalaan. Dapat ito ang harapin niya. At magagawa niya ito kung tatalikuran na ang boksing.

Pagsasanay A

Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Tungkol saan ang isyung pinag-uusapan? _____

2. Ano-anong mga pahayag ang ginamit ng may-akda sa pagbibigay niya ng kanyang paninindigan? _____

3. Naging epektibo ba ito upang mahikayat ka habang binabasa ang editorial? _____

Pagsasanay B

Panuto: Mula sa binasang editorial, ihanay sa unang kolum ang mga pahayag na nagsasaad ng opinyon, at sa ikalawang kolum naman ang mga posibleng paliwanag kung bakit iyon ang naging opinyon ng sumulat ng akda.

Pahayag na Nagsasaad ng Opinyon	Mga Posibleng Paliwanag



Tayahin

Panuto: Buuin ang pangungusap sa bawat bilang at isulat sa patlang ang nawawalang salita. Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon

1. Natural na sa atin ang magkaroon ng kanya-kanyang _____ tungkol sa mga napapanahong isyu o pangyayari.
2. Ito ay ginagamit na _____ o instrumento para makalikom ng impormasyon sa grupo ng mga tao ayon sa kanilang tipo, kasarian, edad at katayuan sa buhay.
3. Kilala ito sa tawag na _____ ng isang pahayagan, isang lathalain sa pahayagan o magasin na nagsasaad ng puna ng editor.
4. Ang editoryal na _____ ay nagpapahayag ng paninindigan ng buong patnugutan mula sa isyung pinag-uusapan sa isang balita.
5. Binibigyan sila ng pare-parehong tanong na may kaugnayan sa paksang susulatin ng _____.


manunulat

opinyon

editoryal

pamamaraan

pang-isports



Karagdagang Gawain


Manood ng isang episodeyo sa sports channel at suriin ang napapanahong isyu na pinag-uusapan dito. Kaugnay nito, sumulat ng rebyu sa paksang tinalakay ng palabas. Limitahan lamang sa lima hanggang pitong talata ang gagawing rebyu.

Maaaring panoorin sa telebisyon o internet ang mga mungkahing palabas:

1. *The Score* (ABS-CBN Sports+Action)
2. *Sports 360* (Sport 5)
3. *Sports Desk* (CNN Philippines)
4. *Skip and Shannon: Undisputed* (FOX sports)

Gamiting gabay ang sumusunod na pormat sa pagsulat ng rebyu:

1. Isulat ang pinakabuod ng paksa at bigyan ito ng sariling interpretasyon.
2. Magbigay ng positibong *feedback* at bigyang-diin ang magandang punto ng *sports analyst*.
3. Maglahad ng konstruktibong kritisismo. Ituon ang pokus sa isyu o argumentong tinatalakay at hindi sa mismong *sports analyst*.



Susi sa Pagwawasto

Subukin	Tayahin
1. A	1. Opinyon
2. C	2. Pamamaraan
3. B	3. Editoryal
4. A	4. Pang-isports
5. A	5. manunulat

Mga Sanggunian

Filipino sa Piling Larang-Isports (2016). Kagamitan ng Mag-aaral. Kagawaran ng Edukasyon. Republika ng Pilipinas.

Orellana, Joel L. at Juanito N. Anot, Jr. (2017). Filipino sa Piling Larangan (Sports). Manila: Rex Book Store.

Viola, Bennedick T. (2016). Filipino sa Piling Larangan (Isports). Malabon City: Jimczyville Publications.

<https://www.philstar.com/pilipino-starngayon/opinyon/2021/08/25/2122485/editorial-marami-nang-napatunayan>

<https://pdfcoffee.com/banghay-aralinisports-3docx-pdf-free.html>

For inquiries or feedback, please write or call:

Department of Education –(Bureau/Office)

(Office Address)

Telefax:

Email Address: